# PIKSYON AT DI-PIKSYON AT MGA URI NG PANG-ABAY SA PAGSASALAYSAY


*Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahang masusuri mo ang pagkakaiba ng piksyon at di-piksyon. Magagamit nang wasto ang mga uri ng pang-abay sa pagsasalaysay.*




## Pagbalik-aralan Mo

**Kilalanin mong muli ang mga pang-abay sa pamamagitan ng mga pangungusap sa ibaba. Piliin ang pang-abay sa pangungusap at isulat sa nakatapat na kahon.**


1. Lubhang mahalaga na nasa lugar ang pagtatapon natin ng basura.




2. Mabilis kumilos ang mga basurero.




3. Maingat na inilagay ng mga bata ang mga basura sa plastic.



4. Matamang nakinig ang mga tao sa utos ng pangulo.



5. Tunay na mahusay makisama ang mga Pilipino.



Ganito ba ang iyong sagot?

1. lubhang
2. mabilis
3. maingat
4. matamang
5. mahusay

Magaling!

## Pag-aralan Mo

### A. Basahin ang kuwento.

(Pinagkunan: Filipino 5 Wika at Pagbasa, Diwa textbook)

**ANG PINAGMULAN NG IBA'T IBANG LAHI**

Ayon sa matatanda, matagal ding namuhay nang mag-isa sa daigdig si Bathala. Mag-isa niyang nilibot ang daigdig. Habang tumatagal ay nakadarama siya ng lungkot at kabagutan.

"Napakalungkot nang nag-iisa! Kailangan kong lumikha ng makakasama!" malakas na sabi ni Bathala sa kanyang sarili.

Kinabukasan ay nagpasya si Bathala na lumikha ng tao. Kumuha si bathala ng maganda, malambot at malagkit na lupa. Masaya niya itong hinubog sa anyong tao. Pagkatapos ay maingat niya itong inilagay sa hurnuhan upang lutuin. Habang naghihintay na maluto, inaliw niya ang kanyang sarili sa pag-iisip kung ano pa ang maaari niyang magawa sa mabubuo niyang tao. Hindi nagtagal, nakaamoy siya ng nasusunog.

"Ang aking nilikha!" sigaw ni Bathala nang maalala ang kanyang niluluto. Dali-dali niya itong kinuha sa hurnuhan, "Nasunog, umitim ang nilikha!"

Ang maitim na taong nagawa ni Bathala ay sinasabing ninuno ng lahi ng mga Negro.

Ipinasya ni Bathala na gumawa ng panibagong tao. Kumuha siyang muli ng putik at hinubog ito sa anyo ng tao. Pagkatapos ay inilagay muli

sa hurnuhan at naghintay. Sa takot na masunog muli ay hinango niya ito kaagad sa hurnuhan.

"Hilaw!" bigong sigaw ni Bathala nang makita ang hinangong tao. "Napakaputi ng aking nilikha!"

Ang maputing tao ang pinaniniwalaang ninuno ng mga lahing puti tulad ng mga Amerikano at mga taga-Europa.

"Kailangan kong gumawa ng isa pa!" sabi ni Bathala sa kanyang sarili. "Sa pagkakataong ito , titiyakin kong tamang-tama na ang pagkakaluto."

Muling humugis ng tao si Bathala mula sa malagkit na putik at niluto upang masigurong hindi ito masusunog o kaya'y mahihilaw. Nang inaakala niyang husto na ang pagkakaluto ng kanyang nilikha, inilabas niya ito sa hurnuhan.

"Tamang-tama ang pagkakaluto! Napakaganda ng kulay! Hindi maitim at hindi rin maputi. Tamang-tama lamang sa aking inaasahan!" bulalas ni Bathala. Ang nilikhang ito ang sinasabing pinagmulan ng lahing kayumanggi na siyang lahing kinabibilangan ng mga Pilipino.

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong sa iyong sagutang papel.

1. Tungkol saan ang kuwento?
2. Ano ang nilikha ni Bathala?
3. Bakit niya nilikha ang mga ito?
4. Anong lahi ang una niyang nilikha? Ang pangalawa? Ang pangatlo?
5. Paano niya nilikha ang mga ito?
6. Ano ang lahing pinagmulan ng Pilipino?
7. Makatotohannan ba ang mga pangyayari sa kuwento?

Ganito ba ang iyong sagot?

1. Paglikha ni Batahala ng lahi.
2. Iba't-ibang lahi
3. Dahil siya ay nalulungkot at nag-iisa.
4. Negro, Amerikano, Pilipino
5. Kumuha siya ng maganda at malambot na putik, hinubog sa anyong tao at inilagay sa hurnuhan upang lutuin.
6. Lahing kayumanggi.
7. Hindi, likhang isip lamang.

**Pagpapahalaga**

Masaya ba ang isang tao kung siya ay nag-iisa? Bakit? Ano ang naidudulot ng pagkakaroon ng pamilya at kaibigan?

Nasisiyahan ka ba sa kulay ng iyong balat? Bakit? Nanaisin mo pa bang mabago ito?

Ano ang masasabi mo sa kuwentong iyong binasa? Sa iyong palagay, totoo kaya itong nangyari?

Kung ang sagot mo ay <u>hindi</u>, tama ka. Ito ay likhang isip o imahinasyon ng may akda na inilahad sa paraang pasalaysay o pakuwento. Ito ay babasahing <u>PIKSYON</u>.

**B. Basahin mo ang lathalain na kinuha sa isang pahayagan.**



Pamoso rin ang Baguio sa mga magagandang bulaklak na kanilang ipinakikita sa taunang selebrasyon ng Baguio Flower Festival tuwing buwan ng Pebrero. Dito ipinaparada ang mga sari-saring bulaklak na ipinagmamalaki ng lungsod.

Hindi dapat kalimutan ang pamamasyal sa mga kilalang park sa Baguio. Ang Burnham Park ang pinaka-una at pinakamatandang park sa lungsod samantalang naging popular naman ang Mines View Park dahil sa miniminang ginto, tanso at *ore* dito. Ang Wright Park ay isang *pine tree park reserve*. Makikita rin dito ang Philippine Military Academy (PMA), Unversity of the Philippines, College of Baguio at Eastern School Weaving Room kung saan natututong maghabi ang mga taga-Baguio.

Kung ang hanap ay *spiritual growth*, naririto ang hinahangaang Baguio Cathedral na kailangang akyatin ng 100 baytang sa tuktok ng bundok, ang

*Lourdes Grotto* na may 252 baitang at ang *Bell Temple* kung saan itinuturo ang iba't ibang relihiyon.


Marami pang makasaysayang lugar na matatagpuan sa lungsod. Ang *Kennon Road* ang pinakamaikling highway patungong Baguio. Ipinangalan ito kay Col. Lyman W. Kennon, isa sa mga nagtaguyod ng proyekto. Naririyan din ang *Teacher's Camp* na madalas pagdausan ng mga *training* ng mga guro sa buong bansa at ang *Baguio Mansion House* na ginagawang *retreat house* ng mga naging pangulo ng bansa at gobernador heneral na Amerikano.

Bukod sa magagandang tanawin, 'shopping haven' din kung ituring ng marami ang Baguio. Dito nagsimulang makilala ang tinatawag na UK (Ukay-Ukay). Sa palengke ng lungsod sa may *Magsaysay Avenue* masarap mamili ng mga *souvenir items*. Ang mga *stalls* dito ay puno ng iba't ibang produktong etniko at nakaboteng mga minatamis. Kaya tayo na sa Baguio!

Ito ba ay Piksyon? Bakit?
Hindi ito piksyon dahil hindi ito likhang isip.

Ito ay halimbawa ng <u>Di-Piksyon</u> sapagkat kinapapalooban ito ng mga pangyayari na tunay na naganap, makatotohanan, mahalaga at makasaysayan.

**C. Ano ang masasabi mo sa editoryal sa ibaba na kinuha sa Pilipino Star Ngayon. Ito ba ay piksyon o di-piksyon? Bakit?**




***<u>Editoryal</u>***

**Sundan ang Yapak ni Pope John Paul II**

*Habemus Papam!* May bago nang Papa! Kumalembang ang mga kampana kasabay ng paglabas ng puting usok sa tsimineya ng *Sistine Chapel*. May kapalit na ang namayapang si Pope John Paul II. Namatay si Pope John Paul noong Abril 4, 2005. Ang bagong Papa ay inihalal ng may 115 cardinal sa tinatawag sa *conclave*. Napili ang *German cardinal* na si *Joseph Ratzinger*, 78, bilang ika-465 na papa at pinangalanang Pope Benedict XVI. Ipinanganak siya noong Abril 16, 1927 sa Bavaria, Germany. Naglilingkod siya kay Pope John

Paul II bilang puno ng *Congregation for the Doctrine of the Faith* sa loob ng 20 taon.

Ang mahalagang dapat sundan ng bagong Papa ay ang pagiging makatao at makamahirap ng yumaong Pope John Paul II. Sa dalawang beses na pagtungo sa Pilipinas ng yumaong Papa, naging malapit siya sa masang Pinoy at ipinadama ang pakikiisa sa nararanasang kahirapan. Unang namutawi sa kanyang labi nang unang dumalaw sa bansa noong February 1981 ay "ipagdasal natin ang mga mahihirap at mga maysakit". Nasa puso niya ang pagkalinga sa mga kapos palad at ipinakita niya ito sa pagdalaw sa mga *squatters area* ganoon din sa mga trabahador sa tubuhan. Sa lahat ng Papa, si John Paul II ang pinakamasipag maglakbay. Ginagawa niya ito na makasalamuha ang mga ordinaryong tao sa mundo. Kaya hindi nakapagtataka na mapamahal siya sa sangkatauhan.

Sundan sana ni Pope Benedict XVI ang yapak ni Pope John Paul II at higitan pa ang ginawa sa sangkatauhan.

Tama ka ito ay di-piksyon sapagkat hindi ito bunga ng imahinasyon. Ito ay makatotohanan.

## Isaisip Mo

May dalawang uri ng babasahin, ang piksyon at di-piksyon.

Ang babasahing piksyon ay binubuo ng mga likhang isip o imahinasyon ng may akda na inilalahad sa paraang pasalaysay o pakuwento. Ito ay ginagampanan ng mga likhang isip na mga tauhan, lugar at mga pangyayari. Ito ay maaaring alamat, salaysay, kuwento.

Ang babasahing di-piksyon ay kinapapalooban ng mga pangyayari. Ito ay maaaring talaarawan, editoryal, artikulo, sanaysay o paglalahad.

## Pag-aralan Mo

Basahin ang mga pangungusap na hango sa kuwentong "Ang Pinagmulan ng Iba't ibang lahi."

1. <u>Masayang</u> hinubog ni Bathala ang kanyang nilikha pagkatapos ay <u>maingat</u> na inilagay sa hurnuhan upang lutuin.
2. <u>Kinabukasan</u> ay nagpasya si Bathala na lumikha ng tao.
3. Matagal ding namuhay <u>sa daigdig</u> si Bathala.

Ano ang tawag natin sa mga salitang may salungguhit? Pang-abay, di ba? Ang pang-abay ay nagbibigay turing sa pandiwa kung paano, saan at kailan ito ginawa.
Alam mo ba kung ano ang tatlong uri ng pang-abay?
Ang mga ito ay pang-abay na pamaraan, pamanahon at panlunan.

Balikan mo ang mga pangungusap sa sinundang pahina. Pag-aralan mo kung anong uri ng pang-abay ang bawat isa batay sa paliwanag sa ibaba.

Pangungusap 1 - masayang- pang-abay na pamaraan sapagkat nagsasabi ng paraan ng pagganap sa kilos. Ito ay sumasagot sa tanong na paano.

Pangungusap 2 - kinabukasan - pang-abay na pamanahon sapagkat nagsasabi ng panahon ng pagganap sa kilos. Ito ay sumasagot sa tanong na kailan.

Pangungusap 3 - sa daigdig- pang-abay na panlunan sapagkat nagsasabi ng lugar kung saan naganap ang kilos. Ito ay sumasagot sa tanong na saan.

Alam mo na ba ang tatlong uri ng pang-abay? Kung oo, gamitin mo sa pangungusap ang mga sumusunod na pang-abay.

1. tuwing Linggo
2. sa bukid
3. magalang
4. masaya
5. sa darating na mga araw

Narito ang maaaring maging pangungusap. Suriin ang iyong isinulat kung tama. Maaari kang magkaroon ng ibang pangungusap.


1. Tuwing Linggo, dumadalaw ako sa aking lolo at lola.
2. Ang bahay nila ay nasa bukid.
3. Magalang kaming humahalik ng kamay sa kanila.
4. Kami ay masayang naglalaro sa malawak na bakuran.
5. Marahil doon na kami maninirahan sa darating na mga araw.



## Pagsanayan Mo

**A. Batay sa pamagat ng mga seleksiyong nakatala sa ibaba, isulat kung <u>piksyon</u> o <u>di-piksyon</u> ang mga sumusunod:**

1. Talambuhay ni Tandang Sora.
2. Ang Sirena sa Ilog.
3. Hangin tubig na may lason (Editoryal)
4. Mulawin
5. Alamat ng Makahiya.




**B. Gamitin ang mga pang-abay na nasa bahay sa pagsagot sa mga tanong.**

1. Kailan kayo nagkita ng iyong kaibigan?

   ______________________________

2. Saan kayo nagpunta?

   ______________________________

3. Paano mo binati ang iyong kaibigan?

   ______________________________

4. Paano mamimili sa siksikang mall?

   ______________________________

5. Saan umuuwi ang iyong kaibigan?

   ______________________________

Ganito ba ang iyong sagot?

A.
1. di-piksyon
2. piksyon
3. di-piksyon
4. piksyon

B.
1. Nagkita kami ng aking kaibigan noong Sabado.
2. Nagpunta kami sa Shopping Mall.
3. Masigla kong binati ang aking kaibigan.
4. Napakahirap mamili sa siksikang Mall.
5. Ang aking kaibigan ay umuuwi sa Cavite.

Nasagot mo ba nang wasto ang pagsasanay?

Ngayon any handa ka na sa susunod na gawain.



## Subukin Mo

**A. Batay sa pamagat ng mga seleksyong nakatala sa ibaba, isulat kung piksyon o di-piksyon ang mga sumusunod:**

1. Darna
2. Ang Aking Talaarawan
3. Pope Benedict XVI Ang Unang Papa ng Milenyo
4. Encantadia
5. Kagamitang medikal ng mga sundalo, iayos (Editoryal)

**B. Piliin sa kahon ang angkop na pang-abay sa mga puwang sa talata.**

| | |
|---|---|
| malakas | mahimbing |
| duyan | magdamag |
| tahanan | maingat |
| masigla | kinaumagahan |
| marahan | taimtim |

1. _____________ na binantayan ni Aling Lina ang kanyang sanggol na maysakit. Umiiyak nang 2. _____________ ang sanggol dahil sa mataas na lagnat. Inawitan ni Aling Lina nang 3._____________ ang anak upang makatulog. 4. ___________ niyang inilapag ang sanggol sa 5. ___________ . Marahan niyang idinuyan ang bata hanggang sa makatulog nang 6.___________ . 7. ___________ ay wala nang lagnat ang bata. Iginalaw niya nang 8. ___________ ang kanyang kamay at paa. 9. ___________ na nagdasal ng pasasalamat si Aling Lina. Muling nagbalik ang kasayahan sa kanilang 10. ___________ .

Ganito ba ang iyong sagot?

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| A. | 1. piksyon | B. | 1. magdamag | 6. mahimbing |
| | 2. di-piksyon | | 2. malakas | 7. kinaumagahan |
| | 3. di-piksyon | | 3. marahan | 8. masigla |
| | 4. piksyon | | 4. maingat | 9. taimtim |
| | 5. di-piksyon | | 5. duyan | 10. tahanan |

Okey ka ba? Masarap ang pakiramdam kapag natapos mo ang iyong gawain, di ba?

Sana'y naging kapaki-pakinabang sa iyo ang modyul na ito. Hanggang sa muli nating pagkikita…… Paalam!